



Alamin ang Iyong Mga Karapatan

Titulo II ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964: Walang Diskriminasyon sa Mga Pampublikong Tuluyan

Ang Pederal na batas sa mga karapatang sibil —Titulo II ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964—ay ipinagbabawal ang mga lugar ng pampublikong tuluyan mula sa diskriminasyon laban sa mga tao dahil sa :

- *Lahi*
- *Kulay*
- *Bansang Pinagmulan*
- *Relihiyon*

Ang mga pambublikong tuluyan ay mga pribadong pag-aari na mga matutuluyan na nagsisilbi at bukas sa pangkalahatang publiko, kabilang ang mga restawran, mga otel, mga estasyon ng gasolina, at mga lugar ng pagtatanghal o aliwan (tulad ng isang kabilya na may masiglang musika, isang pampalakasang istadyum, o isang sinehan). Hindi saklaw ng Titulo II ang lahat ng mga negosyong bukas sa publiko; halimbawa, hindi sakop ng mga tingian na tindahan na hindi naglalaman ng mga pampublikong lugar kung saan ang mga parokyano ay maaaring bumili at ubusin ang pagkain.

Ang Iyong Mga Karapatang Sibil sa Ilalim ng Titulo II

- Mayroon kang karapatan sa ganap at pantay na kasiyahan ng mga produkto, mga serbisyo, mga pasilidad, mga pribilehiyo, mga pakinabang, at mga kaayusan sa anumang lugar ng pampublikong tuluyan.
- Hindi ka maaaring tratuhin nang mas masama kaysa sa ibang mga parokyano ng isang lugar ng pampublikong tuluyan dahil sa iyong lahi, kulay, pambansang pinagmulan, o relihiyon.
- May karapatan kang magsampa ng sarili mong kaso kapag naniniwala ka na nadiskrimina ka ng isang lugar ng pampublikong tuluyan. Pinahihintulutan ka ng Titulo II na makakuha ng isang utos ng hukuman upang ihinto ang diskriminasyon; hindi ka makakakuha ng pera pinsala sa ilalim ng Titulo II.
- Ang Dibisyon sa Mga Karapatang Sibil ay maaaring magdala ng isang Titulo II na kaso kung saan mayroong isang gawi o kaugalian ng diskriminasyon.

Makipag-ugnayan sa Amin

Kung naniniwala kang pinagkaitan ka ng kaparaanan sa o pantay na kasiyahan sa isang pampublikong tuluyan dahil sa lahi, kulay, relihiyon, o pambansang pinagmulan, at mayroong isang gawi o kaugalian ng ganitong uri ng diskriminasyon, maaari kang makipag-ugnay sa Kagawaran ng Katarungan:



sa pamamagitan ng telepono sa:

202-514-4713 o
800-896-7743,



sa pamamagitan ng e-mail sa:

fairhousing@usdoj.gov, o



gamit ang aming online portal:

civilrights.justice.gov.



Titulo II Mga Halimbawa ng Pagpapatupad

- *Otel at kabilyang pampalakasan na may diskriminasyon laban sa mga parokyano na Katutubong Amerikano*

Sa *Estados Unidos laban sa Korporasyon ng Retsel* (2023), ang Dibisyon ay nagsampa ng isang [kaso](#) laban sa mga may-ari ng isang otel at kabilya dahil sa paggawa ng mga pampublikong komentaryo na ang mga Katutubong Amerikano ay hindi pinapayagang na tumapak sa propyedad at pinapaalis ang mga Katutubong Amerikano na sumubok na magreserba ng mga kuwarto sa otel. Inatasan ng [kasunduan](#) ang mga may-ari na magpatibay ng isang patakarang walang diskriminasyon, pinagbawalan ang isa sa mga may-ari sa pamumuno ng kumpanya o pamamahala sa otel sa loob ng apat na taon, at kinakailangan ng mga may-ari na mag-labas ng pampublikong paghingi ng tawad sa mga organisasyon ng tribo sa South Dakota at sa rehiyon ng Great Plains.

- *Ang kaugaliang pagtanggap ng kabilyang pampalakasan ay hindi hinikayat at tinanggihan ang pagpasok batay sa lahi at pambansang pinagmulan*

Sa *Estados Unidos laban sa Jarrah* (2018), inihabla ng Dibisyon ang isang kabilyang pampalakasan dahil sa mga kaugaliang diskriminasyon sa pagpasok. Tahasang inutusan ng mga may-ari ng kabilyang pampalakasan ang mga empleyado na tanggihan ang pagpasok ng mga parokyanong Itim, Espanyol at mga Asyano–Amerikano, at naglabas ng tagubilin gamit ang mga panlilibak sa lahi. Sa ilalim ng [kasunduan](#), ang mga may-ari ay kinakailangang tiyakin na ang mga empleyado ng kabilya ay sundin ang mga pamamaraan laban sa diskriminasyon ng Titulo II. Kinailangan din ng kasunduan ang mga may-ari na lumikha ng isang sistema para sa pagtanggap at pagsisiyasat ng mga karaingan sa diskriminasyon.

- *Binawi ng otel ang alok na magho-host ng taunang kombensiyon batay sa pambansang pinagmulan*

Ang Pederasyon ng Gitnang Kanluran ng mga Kapisanan ng Amerikanong Syrian-Lebanese ay nagreklamo na ang Marriott Internasyonal ay lumabag sa Titulo II noong hapon ng Septiyembre 11, 2001, nang binawi ng Marriott ang dating alok nito na mag-host ng taunang kombensiyon ng Pederasyon ng Gitnang Kanluran noong 2002 sa Des Moines. Sa isang [kasunduan](#) kasama ang Estados Unidos, ang Marriott ay pumayag na maglabas ng isang pormal na nakasulat na paghingi ng tawad para sa pag-uugali nito at sumang-ayon sa iba pang kaluwagan.

Ang mga sitwasyong ito ay maaari ding lumabag sa Titulo II:

- Ang isang otel ay naniningil sa mga Itim na bisita ng mas mataas na bayad kaysa sa mga puting bisita o tinatanghian ang mga Itim na bisita ngunit hindi ang mga puting bisita sa karapatang umupa ng mga mamahaling matutuluyan.
- Tinataboy ng isang kabilya ang mga parokyanong Sikh dahil mga naka-turban sila. Sinasabi ng kabilya sa mga parokyano na ang tanging kasuotan sa ulo na pinapayagan nito ay mga sumbrerong pang beysbol at mga sumbrerong pang koboy.
- Pinapayuhan ng isang pampublikong kapisanan ng tabing-dagat ang mga miyembro nito na ang kapisanan ay hindi tumatanggap ng mga Hudyo at ang mga miyembro ay hindi maaaring mag-anyaya ng mga bisitang Hudyo na gamitin ang mga pasilidad ng kapisanan.
- Sa isang restawran, ang mga Asyano na Amerikanong parokyano ay naghihintay ng isang oras upang mapagsilbihan habang ang mga puting parokyano ay regular pinagsisilbihan kaagad.